# *Masdan at Patuloy na Gawin ang Gawain Habang ikaw ay Nagmamasid sa Darating na Paghuhukom ng Dios Yugto 2*

***"35 Bigkisan ninyo ang inyong mga baywang, at paningasan ang inyong mga ilawan; 36 At magsitulad kayo sa mga taong nangaghihintay sa kanilang panginoon kung siya'y bumalik na galing sa kasalan; upang kung siya'y dumating at tumuktok, pagdaka'y mabuksan nila siya. 37Mapapalad yaong mga alipin na kung dumating ang panginoon ay maratnang nangagpupuyat: katotohanang sinasabi ko sa inyo na siya'y magbibigkis sa sarili, at sila'y pauupuin sa dulang, at lalapit at sila'y paglilingkuran niya. 38 At kung siya'y dumating sa ikalawang pagpupuyat, o sa ikatlo, at masumpungan sila sa gayon, ay mapapalad ang mga aliping yaon. 39 Datapuwa't talastasin ninyo ito na kung nalalaman lamang ng puno ng sangbahayan kung anong oras darating ang magnanakaw, siya'y magpupuyat, at hindi pababayaang sirain ang kaniyang bahay. 40 Kayo rin naman ay mangagsihanda: sapagka't sa oras na hindi ninyo iniisip, ang Anak ng tao ay darating." (Lucas 12:35-40 KJV)***

Dito as mensaheng ito nais ko unang gumawa ng isang malinaw na punto sa iyo. Na hindi ko sinasabi ang tungkol sa ikalawang pagdating ni Cristo kundi ang Kasulatan na pinili natin sa mga mensaheng ito ay nagsasabi tungkol sa paparating na gantimpala ni Cristo sa mga naglilingkod sa Kanya at ang Kanyang paghatol sa mga taong suwail sa Kanya.

Si Cristo ay paparito kasama ng kanyang gantimpala sa atin, tayo na naglilingkod sa Kanya, ay upang iligtas sa poot ng Dios at sa panahon ng paghatol ng Panginoon na ipapadala sa iba na walang pag iingat tungkol sa Kanyang gawain at hindi masigasig patungo sa kanilang mga pananagutan. Nais ng Panginoon sa iyo ay magpatuloy at maging masigasig sa paglilingkod sa Kanya: ***"Bigkisan ninyo ang inyong mga baywang, at paningasan ang inyong mga ilawan;" (Lucas 12:35 KJV)*** Nais ni Cristo sa atin na maging handa sa paglilingkod.

Sinabi ni Cristo, ***"Bigkisan ninyo ang inyong mga baywang:*** Ang baywang dio ay ang ating tagiliran kung saan ang sinturon ay nakalagay sa palibot ng ating katawan habang tayo'y gumagawa. Kaya't bilang ang ating baywang ay nabibigkisan sa gayon tayo ay nakahanda, handa at matatag na gawin mabubuting gawain ng Panginoon na inihanda Niya para gawin natin. Bawat isa sa atin ay may takdang gawain at kailangang niyang tapusin ang takdang gawaing ito at gawin ito nang sakdal at tiyak.

Sinabi ni Jesus, ***"Paningasan.... ang inyong mga ilawan."*** Ang ating ilawan ay kailangang ihanda at pagningansin upang makita natin ang daan na itinakda ng Dios sa atin na pagdaanan at makikita natin malinaw upang matapos natin ang hiniling na gawin natin.

Ang ilawan para sa atin ngayon ay ang Salita ng Dios, ***"Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas." (Awit 119:105 KJV)*** Ang Salita ng Dios ay magtuturo sa atin araw araw kung ano talaga ng nais ng Dios na gawin natin.

Ang ilawan sa atin ngayon ay ang ilawan ng Banal na Espiritu na ipinangako ng Dios na ibibigay sa mga tatalima at susunod sa Kanyang mga daan. ***"At kami'y mga saksi ng mga bagay na ito; at gayon din ang Espiritu Santo, na siyang ibinigay ng Dios sa nagsisitalima sa kaniya." (Mga Gawa 5:32 KJV)*** Ang Banal na Espiritu ay darating sa atin kapag tumalima tayo sa Dios at papangunahan Niya tayo sa ganap na katotohanan, at pupuspin tayo na gawin ang Kanyang buong kalooban at tapusin ang gawain na ipinagkatiwala sa atin.

***"36 At magsitulad kayo sa mga taong nangaghihintay sa kanilang panginoon kung siya'y bumalik na galing sa kasalan; upang kung siya'y dumating at tumuktok, pagdaka'y mabuksan nila siya." (Lucas 12:36 KJV)*** Habang tayo'y naglilingkod at nagtitiis sa ating buhay sa paglilingkod sa layunin ng Dios sa ating salinlahi, sa gayon tayo'y naghihintay sa pamamagitan ng pananampalataya sa ating Panginoon na paparito sa isang araw at at sa isang oras na hindi natin batid; Paparito Siya upang humatol. Kailangan nating maunawaan na tayo ay hahatulan at gagantimpalaan para sa ating mabuting gawa at hahatulan at gapiin ng Dios para sa ating maling gawain. Ang ating kapabayaan, ang ating kawalang ingat, ang ating katamaran, at ating walang katapatan, at kawalang kagustuhang

gawin ang ating mga tungkulin at pananagutan ng maayos ang lahat ng ito ay hahatulan ng Panginoon. Kaya naman at iyon ang dahilan kung bakit nakikita natin ang maraming tao na sila'y naglilingkod sa Panginoon ngunit ang pagpapala ng Dios ay malayo sa kanila dahil sila'y hindi tapat sa Panginoon.

Inaakala nating gawin at kumilos bilang alipin na naghihintay sa kanilang panginoon na nagmumula sa isang piging ng kasal. Ang ating panginoon pagkatapos Niyang magtagumpay sa krus, siya ngayon ay nasa dako ng pagpapala, sapagkat siya ngayon ay nasa kanang kamay ng Dios Ama namamagitan para sa atin, habang tayo ay narito sa lupa naghihirap sa lahat ng mga pagsubok, tukso at kapighatian. Maaring tayo'y matukso na magbulong bulong, magreklamo, at umalis mula sa ating mga pananagutan at takdang gawain. Iyon ay hindi katangap tangap sa harapan ng Dios. Si Jesus ay naghirap at Siya ay ginantimpalaan at kinuha ang posisyon sa kanan ng kamay ng Dios Ama. Kailangan muna tayong magdusa, upang mapatunayan sa Kanya, sa gayon tayo ay gagantimpalaan, sapagkat ito ang layunin ng Biblia, walang pagsulong nang walang pagdurusa, ***"Mapalad ang taong nagtitiis ng tukso; sapagka't pagkasubok sa kaniya, siya'y tatanggap ng putong ng buhay," (Santiago 1:12 KJV)*** Marami ang nagnanais na mabuhay sa kapaligiran ng piging ng kasal, nasisiyahan sa pagkain ng masarap na pagkain at masarap na inumin at naglalaan ng higit sa pagsasaya, at ayaw nilang magdusa at dumaan sa makipot na daan. Iyon ay hindi katanggap tanggap sa harapan ng Dios. Hindi ito ang patakaran at tuntunin ng Dios saa mga naglilingkod sa KANYA.

Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin, ***"At magsitulad kayo sa mga taong nangaghihintay sa kanilang panginoon kung siya'y bumalik na galing sa kasalan; upang kung siya'y dumating at tumuktok, pagdaka'y mabuksan nila siya." (Lucas 12:36 KJV)*** Nais sa atin ni Jesus na mangagmamasid at asahan Siya upang makita natin mismo Siya sa anumang oras. Kapag Siya ay kumatok, at kapag Siya ay tumawag, kailangang tumugon tayo sa Kanya kaagad. Hindi dapat natin Siyang paghintayin at hindi dapat tayong magbingi bingihan sa Kanyang pagtawag at sa Kanyang tinig, ***"Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko." (Pahayag 3:20 KJV)*** *Marami sila'y mga bingi sa Dios nang tinawag Niya sila, nang inutusan Niya sila, nang itinuwid Niya sila, at kaya naman ang kanilang buhay ay nasa kaguluqan at wala silang kapayapaan,* ***"Oh kung dininig mo ang aking mga utos! ang iyo ngang kapayapaan ay naging parang ilog, at ang iyong katuwiran ay parang mga alon sa dagat:" (Isaias 48:18 KJV)*** *Ibibigay sa atin ng Dios ang kapayapaan kung susunod tayo sa Kanyang Salita at sa utos at yumaon at gawin nang tama ang Kanyang mga utos sa atin*.

Ang manunulat ng aklat ng Awit ni Solomon sinulat niya ang sumusunod tungkol sa paanong ang mangingibig (ang simbahan) ay tumugon sa isang matamad na paraan sa pagtawag ng minamahal (ang ating Panginoong Jesus), ***"2 Ako'y nakatulog, nguni't ang aking puso ay gising: ang tinig ng aking sinta ang siyang tumutuktok, na kaniyang sinasabi, pagbuksan mo ako, kapatid ko, sinta ko, kalapati ko, sakdal ko: sapagka't ang aking ulo ay basa ng hamog, ang aking mga kulot na buhok ay ng mga patak ng gabi. 3 Aking hinubad ang aking suot; paanong aking isusuot? Aking hinugasan ang aking mga paa paanong sila'y aking dudumhan? 4 Isinuot ng aking sinta ang kaniyang kamay sa butas ng pintuan, at nakilos ang aking puso sa kaniya. 5 Ako'y bumangon upang pagbuksan ang aking sinta; at ang aking mga kamay ay tutulo ng mira, at ang aking mga daliri ng malabnaw na mira. Sa mga tatangnan ng trangka. 6 Aking pinagbuksan ang aking sinta: nguni't ang aking sinta ay umurong at nakaalis, napanglupaypay na ako ng aking kaluluwa nang siya'y magsalita: aking hinanap siya, nguni't hindi ko nasumpungan siya; aking tinawag siya, nguni't hindi siya sumagot sa akin." (Awit ni Solomon 5:2-6 KJV)*** Ang simbahan ngayon at ang mga lingkod ng Dios ngayon, naririnig nila ang tinig ng Panginoon sa pagtawag sa kanila na gawin ang mbubuting bagay na inihanda Niya para gawin natin, Tinatawag ka ni Jesus nang paulit ulit. "***pagbuksan mo ako, kapatid ko, sinta ko, kalapati ko, sakdal ko:" (Awit ni Solomon 5:2 KJV)*** at binigyan Niya ng isang magandang dahilan para sa kanya ay magmadali sa pagbuksan ng pinto para sa Kanya, "***sapagka't ang aking ulo ay basa ng hamog, ang aking mga kulot na buhok ay ng mga patak ng gabi." (Awit ni Solomon 5:2 KJV)*** Siya ay nakatayo sa labas sa malamig na panahon, ang ulan at hamog sa Kanya at Siya ay basa at kailangang pumasok. *Ang Panginoon ngayon ay tinatawag ang simbahan upang magbalik sa kanilang mga pananagutan, at tungkulin sa isang madaliang paraan dahil ang iba na nasa ilalim ng ulan, ay nasa ilalim ng hindi kanais nais na kalagayan at nais ng Dios sa atin na abutin sila at alagaan sila at tulungan sila, Marami ang nawawala, marami ang sinasaktan ng mga demonyo at kailangan ng pagpapalaya, marami ang may karamdaman na kailangan ng kagalingan at marami ang nagugutom at kailangan silang mapakain ng Salita ng Dios; ang Panginoon ay nais sa atin na pangalagaan ang lahat ng mga taong ito.*

Ngunit hindi siya kumilos kaagad at hindi pinagbuksan Siya. At ano ang kanyang dahilan at ang kanyang pagpapasubali na huwag tumugon sa tawag ng Dios, ***"Aking hinubad ang aking suot; paanong aking isusuot? Aking hinugasan ang aking mga paa paanong sila'y aking dudumhan?" (Awit ni Solomon 2:3 KJV)*** Ang simbahan ngayon ay nadidinig ang tinig ng Dios hindi tumutugon at ang simbahan ngayon ay hindi para sa paglilingkod kundi para sa kanilang mga pagdadahilan:

A. ***"Aking hinubad ang aking suot; paanong aking isusuot?*** Ang katotohanan na siya ay nakasuot ng balabal, ay nangangahulugan na ito ay malamig na panahon, at ito'y napakahirap na tumayo mula sa kama at ilagay ang kanyang balabal muli sa kanya. Ang gusto niyang sabihin, 'Hayaan mo akong magpahinga at magpakasaya sa buhay ko. Hinubad ko na ang aking balabal, nagbabakasyon ako, ang aking pagtatapos ng isang linggo, araw na wala akong trabaho! Paano kong isusuot? Gusto mo bang makagambala sa aking itinakda at sa pagsasaayos ko? Gusto mo bang umalis ako at magdusa habang may pribilehiyo akong magpahinga at makawala sa responsibilidad?' *Gumising at unawain na nais ng Dios ngayon sa atin na lumakad maging sa ilalim ng araw upang abutin ang nawawala. Nais ng Dios sa atin ngayon na ibigay natin ang ating panahon upang maagang pumunta sa simbahan upang pumunta sa pagpupulong sa pananalangin, upang pumunta sa pag aaral ng Bibliya, Nais ng Diyos na ibigay natin ngayon ang ating tiyan hindi para sa mga piging at salu salo kundi para sa pag aayuno at pagsusumamo sa panalangin para sa awa ng Diyos.*

B. ***Aking hinugasan ang aking mga paa paanong sila'y aking dudumhan?*** Bago siya pumunta sa kama, hinugasan niya ang kanyang mga paa at tinuyo upang kama ay hindi mabasa. Ngayon nang narinig niya ang tawag ng Panginoon, siya ay nag aatubili na sumagot upang umalis sa kama, at gawin ang kanyang mga paa ay hindi maging malinis muli at kalaunan ay kailangang hugasan at patuyuin ang mga ito. Ang pag alis sa kama ay magdudulot sa kanyang mga paa na maalikabukan at ayaw niyang magdusa. Marami kanilang sasabihin, ayaw kong maglakad sa ilalim ng araw o maglakad sa malamig na panahon at sa ilalim ng ulan. Marami ang gusto nila ay madaling ministerio at ayaw nilang magdusa at dalhin ang pasanin at mga pananagutan. Ayaw nilang makibaka sa mahabang paglalakad, mahabang paglalakbay, at ayaw nilang maglakbay sa mababang pasilidad, atbp. *Gumising ka simbahan at unawain na hindi tayo tinawag upang hugasan ang ating mga paa, kundi tayo ay tinawag upang hugasan ang paa ng iba at pangalagaan sila. Tayo ay tinawag upang maging ama at ina ng bagong mga alagad at handang magdusa para sa kanila hanggang sila'y nasa katotohanan.*

Siya ay tumangging bumangon at buksan ang pintuan sa kanya. Siya ay gumagawa ng mga dahilan at ang kanyang mga dahilan ay tanggihan siya na kumakatok sa kanyang pintuan. Maraming beses ang ating mga dahilan na bumangon at anyayahan ang Panginoon sa ating buhay, ay naghahantong sa atin na tanggihan ang tawag ng Dios. Maraming beses ang ating mga dahilan na bumangon at tumugon sa Kanyang pagtawag at gawin ang ating mga pananagutan nang maayos, ay nakakagawa sa atin na tanggihan Siya na pumasok sa ating buhay upang pagpalain tayo. Maraming beses ang ating mga dahilan na magpatawad, ang ating mga dahilan na magbigay, ang ating mga dahilan na huwag sumuko, at huwag magsisi, ay pagtanggi sa Kanya na pumasok sa ating buhay upang pagpalain tayo.

***"Isinuot ng aking sinta ang kaniyang kamay sa butas ng pintuan, at nakilos ang aking puso sa kaniya." (Awit ni Solomon 2:4 KJV)*** Nang pinatagal niyang pagbuksan Siya, inilagay niya ang kanyang mga kamay sa butas ng pintuan upang buksan ito inaasahan na ang pintuan ay hinayaang bukas para sa Kanya. Ang Panginoon ay gumawa ng huling hakbang bago Niya iwan ang tao, Gagawin Niya ang huling pagsisiyasat alinman ang tao ay tutugon sa tawag ng Dios o hindi. Nang sinubukan Niya sa huling pagkakataon, at ang tao ay hindi tumugon iiwan ng Panginoon ang tanging taong iyon.

***"At nakilos ang aking puso sa kaniya." (Awit ni Solomon 2:4 KJV)*** Naramdaman niya na binubuksan Niya ang pintuan, at batid natin kapag ang Panginooon ay tinatawag tayo upang paglingkuran Siya at kapag tinatawag tayo na gawin at tupdin ang ating mga takdang gawain. Ang Banal na Espiritu ay magsasalita sa iyo, at batid mo na ang Dios ay nagsasalita sa iyo. Aasahan Niya mula sa iyo na tutugon sa kanya nang naangkop at kaagad. Huwag mong ipagpaliban pa ang pagtugon sa Kanyang tawag habang tinatawag ka Niya na bumalik sa Kanya at paglingkuran Siya nang buong puso.

***"Ako'y bumangon upang pagbuksan ang aking sinta; at ang aking mga kamay ay tutulo ng mira, at ang aking mga daliri ng malabnaw na mira. Sa mga tatangnan ng trangka." (Awit ni Solomon 5:5 KJV)*** Sa wakas siya ay bumangon upang gawin ito, ngunit ito'y huli na. Iyon ay kapag matigas ang ulo mong tumangging tumugon sa tawag ng Diyos at sa Kanyang magiliw na tinig at sa Kanyang pagkilos patungo sa iyo, sa gayon ay kapag bumangon ka upang gawin ito, natagpuan mo ang pagkakataon ay lumayo na dahil naantala mo ang paggawa nito. Ang naantalang pagsunod ay magiging pagsuway at kawalang kahandaang sundin ang tagubilin na binabalangkas ng Diyos sa iyo.

***"Aking pinagbuksan ang aking sinta: nguni't ang aking sinta ay umurong at nakaalis, napanglupaypay na ako ng aking kaluluwa nang siya'y magsalita: aking hinanap siya, nguni't hindi ko nasumpungan siya; aking tinawag siya, nguni't hindi siya sumagot sa akin." (Awit ni Solomon 5:6 KJV)*** Nang siya ay kumilos upang buksan ang pintuan, nang nilagay niya ang kanyang kamay sa hawakan ng pintuan, Natagpuan niya ang kanyang mga kamay na nakalubog sa matamis na amoy mira na dumaan mula sa panlabas na hawakan nang ilagay ng minamahal ang Kanyang kamay upang buksan ang pinto. Ang mira ay mamahaling pampalasa. Nang pinalampas niya ang hindi niya pagbubukas ng pintuan sa Panginoon ay pinalampas din niya ang Kanyang mga pagpapala sa kanya. Ang nais kong sabihin sa iyo ay ito: *Kapag pinalampas mo ang tawag ng Diyos, makikita mo rin kung ano ang mga pagkawala na nawala sa iyo at kung anong mga pagkakataon na lumayo sa iyo. Kapag pinalampas natin ang tawag ng Diyos, pinalalampas mo rin ang pagpapahid ng Banal na Espiritu*.

***"Aking pinagbuksan ang aking sinta: nguni't ang aking sinta ay umurong at nakaalis, napanglupaypay na ako ng aking kaluluwa nang siya'y magsalita: aking hinanap siya, nguni't hindi ko nasumpungan siya; aking tinawag siya, nguni't hindi siya sumagot sa akin." (Awit ni Solomon 5:6 KJV)*** Sa wakas nang binuksan niya Siya ng pintuan, siya ay hinarap ng katotohanan na siya ay umalis na, ***napanglupaypay na ako ng aking kaluluwa nang siya'y magsalita:*** siya ay matigas ang ulo at nagpadaig sa kahilingan ng kanyang kaluluwa at hindi ng mga kahilingan ng kanyang Panginoon. Pagkatapos Niyang iwanan siya, sinimulan niyang hanapin Siya ngunit hindi niya Siya masumpungan. Sinimulan niyang tawagin Siya ngunit hindi Siya tumugon sa kanya. *Sa aking mga kapatid na lalake at sa aking mga kapatid na babae kay Cristo, ito ay napasakit ang paghatol ng Dios sa mga tumangging tumalima sa utos ng Dios kaagad, sapagkat sa wakas kapag sila'y bumangon upang gawin ito matatagpuan nilang ito'y huli na at hindi na possible para sa kanila na gawin ito.*

***"37 Mapapalad yaong mga alipin na kung dumating ang panginoon ay maratnang nangagpupuyat: katotohanang sinasabi ko sa inyo na siya'y magbibigkis sa sarili, at sila'y pauupuin sa dulang, at lalapit at sila'y paglilingkuran niya." (Lucas 12:37)*** Mapapalad ang mga sumunod at nagpatuloy na gawin ang matuwid at tama. *Mapapalad ang mga sumunod sa unang salita. Inaasahan ng Panginoon ang mga tao mula sa atin na dapat sumunod sa Kanya kaagad. Kapag binibisita tayo ng Panginoon sa Kanyang paghatol at makikita tayong handa at nagmamasid at nagmamalasakit sa mga bagay ng Diyos, sa gayon ay gagantimpalaan Niya tayo. Ang mga naglilingkod sa Panginoon at gumagawa ng matuwid at tama, gagantimpalaan sila ng Panginoon at pauupuin sila at mamuhay sa maginhawang paraan, at lahat na kanilang ibinibigay na mabuti sa Kanya at sa Kanyang bayan ay ibabalik Niya ito sa kanila. Kung handa kang magdusa at gawin ang Kanyang kalooban, sa gayon ang panahon ay darating at makikita mo mimso ang Panginoon ang maglilingkod sa iyo at aalagaan ka at babayaran ang lahat na pinagdusahan mo at nawala para sa Kanya.*

***"38 At kung siya'y dumating sa ikalawang pagpupuyat, o sa ikatlo, at masumpungan sila sa gayon, ay mapapalad ang mga aliping yaon." (Lucas 12:38)*** *Kung tayo'y patuloy na maglilingkod sa Kanya kahit sa hating gabi, at patuloy na pangangalagaan ang Kanyang gawain maging sa pagkuha sa ating pagtulog at mula sa oras ng ating pagpapahinga sa gayon idadagdag iyon sa atin ng higit sa ating mga pagpapala at sa ating gantimpala.* Sa panahon ni Jesusa ala 6 ng gabi ay itinuturing ng oras ng pagpapahinga. Ang pangalawang oras ay ika 8 ng gabi. Ang pangatlong oras ay ika 9 ng gabi. Kaya sa mga patuloy na nagbabantay at handang ihandog ang kanyang paglilingkod at handang tanggapin ang bagong mga utos mula sa Panginoon maging sa oras ng kanilang pahinga, sa gayon para sa mga tao ito ay pararamihin ng Panginoon ang pagpapala Niya sa kanila.

***"39 Datapuwa't talastasin ninyo ito na kung nalalaman lamang ng puno ng sangbahayan kung anong oras darating ang magnanakaw, siya'y magpupuyat, at hindi pababayaang sirain ang kaniyang bahay." (Lucas 12:39)*** Kailangang kunin natin ang gayong tapat na asal sa paglilingkod sa Dios. Kung nais natin sa ligtas na panig at pagpalain ng Dios sa gayon huwag nating pabayaan ang ating mga pananagutan. Dapat sa lahat ng pagkakataon ay handa sa paglilingkod at pag ingatan na tapusin nang maaayos ang ating mga pananagutan. *Sa mga mapagpabaya sa kanilang mga pananagutan sa Dios, sa gayon ang Panginoon ay darating sa kanila gaya ng magnanakaw na kukunin ang Kanyang mga pagpapala mula sa kanila, at ang kanilang mga tahanan y sisirain ng pinsala at kaguluhan.* ***"40 Kayo rin naman ay mangagsihanda: sapagka't sa oras na hindi ninyo iniisip, ang Anak ng tao ay darating." (Lucas 12:40)*** *Hindi natin batid kung anong oras ang Dios ay paparito at hahatol; sa gayon kailangan nating maging maingat na gawin ang tama at matuwid sa lahat ng pagkakataon.*

***"41At sinabi ni Pedro, Panginoon, sinasabi mo baga ang talinghagang ito sa amin, o sa lahat naman?" (Lucas 12:41)*** Tinanong ni Pedro ang Pangioon kung ang katuruang ito ay para sa kanila lamang sa pagiging Kanyang mga alagad o para sa lahat ang katuruang ito kasama ang mga hindi mananampalataya. Malinaw siyang sinagot ng Panginoon ng talinghanga at nilinaw niya ito na ang Kanyang mga utos ay para sa lahat. ***"42At sinabi ng Panginoon, Sino nga baga ang katiwalang tapat at matalino, na pagkakatiwalaan ng kaniyang panginoon ng kaniyang sangbahayan, upang sila'y bigyan ng kanilang bahagi na pagkain sa kapanahunan? 43 Mapalad ang aliping yaon, na kung dumating ang kaniyang panginoon ay maratnang gayon ang ginagawa niya. 44 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na sa kaniya'y ipagkakatiwala ang lahat***

***niyang pag-aari. 45 Datapuwa't kung sabihin ng aliping yaon sa kaniyang puso, Maluluwatan ang pagdating ng aking panginoon; at magpasimulang bugbugin ang mga aliping lalake at ang mga aliping babae, at kumain at uminom, at maglasing; 46 Ang panginoon ng aliping yaon ay darating sa araw na di niya hinihintay, at sa oras na hindi niya nalalaman, at siya'y babaakin, at isasama ang kaniyang bahagi sa mga di tapat." (Lucas 12:42-46 KJV)*** Ang katulad sa nauang ipinaliwanag natin sa Mateo 24:43-51.
***"43 Datapuwa't ito'y talastasin ninyo, na kung nalalaman ng puno ng sangbahayan kung anong panahon darating ang magnanakaw, ay siya'y magpupuyat, at hindi niya pababayaang tibagin ang kaniyang bahay. 44 Kaya nga kayo'y magsihanda naman; sapagka't paririto ang Anak ng tao sa oras na hindi ninyo iniisip. 45 Sino nga baga ang aliping tapat at matalino, na pinagkatiwalaan ng kaniyang panginoon sa kaniyang sangbahayan, upang sila'y bigyan ng pagkain sa kapanahunan? 46 Mapalad yaong aliping kung dumating ang kaniyang panginoon, ay maratnan siyang gayon ang kaniyang ginagawa. 47 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na sa kaniya'y ipagkakatiwala ang lahat niyang pag-aari. 48 Datapuwa't kung ang masamang aliping yaon ay magsabi sa kaniyang puso, Magtatagal ang aking panginoon; 49 At magsimulang bugbugin ang kaniyang mga kapuwa alipin, at makipagkainan at makipaginuman sa mga lasing.50 Darating ang panginoon ng aliping yaon sa araw na hindi niya hinihintay, at oras na hindi niya nalalaman, 50 At siya'y babaakin, at isasama ang kaniyang bahagi sa mga mapagpaimbabaw: doon na nga ang pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 24:43-51 KJV)***

Ang Panginoon sa karagdagan ay idinagdag ang mga sumusunod sa pagsagot kay Pedro at pagsagot sa atin ngayon at gawing malinaw ang mga bagay sa atin: ***"47 At yaong aliping nakaaalam ng kalooban ng kaniyang panginoon, at hindi naghanda, at hindi gumawa ng alinsunod sa kaniyang kalooban ay papaluin ng marami;48 Datapuwa't ang hindi nakaaalam, at gumawa ng mga bagay na karapatdapat sa mga palo, ay papaluin ng kaunti. At sa sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kaniya: at sa sinomang pinagkatiwalaan ng marami ay lalo nang marami ang hihingin sa kaniya." (Lucas 12:47-48)***

***"At yaong aliping nakaaalam ng kalooban ng kaniyang panginoon, at hindi naghanda, at hindi gumawa ng alinsunod sa kaniyang kalooban ay papaluin ng marami;" (Lucas 12:47)*** Ang kaparusahan ng mga mananampalataya na batid ang kalooban ng Dios at hindi inihanda ang kanilang sarili na gawin ito, sila'y parurusahan nang mas masakit kaysa hindi mananampalataya na hindi batid ang kalooban ng Dios. Dito ay hindi sinasabi ang tungkol sa huling paghuhukom. May mga paglilitis ng paghuhukom, upang ang mga nagkasala ay maaring magsisi, at ibigay ang kanilang buhay sa Dios.

Ang mga hindi nakakabatid ng kalooban ng Dios at gumawa ng masasamang bagay ay karapat dapat na paluin, tiyak na sila'y papaluin ngunit kakaunti. Ito ang Salita ng Jesus Mismo, aliman na ang mga mananampalataya o hindi mananampalataya ay binigyan ng marami ay paparusahan ng marami, ang hindi mananampalataya na binigyan ng kakaunti ay parurusahan ng kakaunti, ***"Datapuwa't ang hindi nakaaalam, at gumawa ng mga bagay na karapatdapat sa mga palo, ay papaluin ng kaunti. At sa sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kaniya: at sa sinomang pinagkatiwalaan ng marami ay lalo nang marami ang hihingin sa kaniya." (Lucas 12:48)*** Kaya nga ipaalam sa lahat na malaman na ang sinumang gumawa ng mali sa gayom siya ay tatanggap ng pagpalo para sa kanyang kasalanan.

Pansinin na sa talata 37 at 38 ang salitang mapapalad ito ay binanggit para sa mga lingkod (maraming tao), ***"37 Mapapalad yaong mga alipin na kung dumating ang panginoon ay maratnang nangagpupuyat: katotohanang sinasabi ko sa inyo na siya'y magbibigkis sa sarili, at sila'y pauupuin sa dulang, at lalapit at sila'y paglilingkuran niya. 38 At kung siya'y dumating sa ikalawang pagpupuyat, o sa ikatlo, at masumpungan sila sa gayon, ay mapapalad ang mga aliping yaon." (Lucas 12:37-38 KJV)***
Ngunit sa talata 43 ang salitang mapalad ito ay binanggit para lingkod (isang tao), ***"43 Mapalad ang aliping yaon, na kung dumating ang kaniyang panginoon ay maratnang gayon ang ginagawa." (Lucas 12:43 KJV)*** Kaya't kailangan nating maunawaan na kahit na tayo ay maiwang mag isa, kailangan pa rin nating maglingkod sa Dios nang tapat, Mauunawaan din natin na haharapin ng Dios ang bawat isang indibidwal ayon sa kanilang mga pag uugali at pagkamit,

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ilagay sa iyong isipan. Batid ng Dios kung paanong huhulihin ang mga gumagawa ng masama at itago ang kanilang mga kasalanan. Ang Panginoon ang huhuli sa gayong mga manggagawa at alagad, at haharapin ang kanilang masamang gawain sa isang panahon at sandali na hindi nila ito inaasahan.

- *Batid ng Dios ang mga nagtatago, at batid Niya ang mga gumagawa ng lahat ng kanilang makakaya upang takasan ang kanilang mga pananagutan at ang takdang gawain na dapat nilang tapusin.*
- *Batid ng Panginoon ang mga nagpapanggap ngunit sila'y hindi tapat sa Kanya.*
- *Batid ng Panginoon ang mga walang ingat, tamad at nagpapabaya.*
- *Batid ng Panginoon ang mga hindi sumusunod nang ganap sa utos at itinatago ang kanilang sarili upang malantad.*

- **Haharapin ng Panginoon ang lahat ng gayong uri ng mga masamang lingkod at hahatulan sila sa maayos na paraan.**

*Batid din ng Panginoon kung paanong gagantimpalaan ang Kanyang bayan, ang mga naglilingkod sa Kanya at ang mga gumagawa ng Kanyang kalooban at lumalakad sa Kanyang mga daan. Ang mga iyon kapag Siya ay pumarito at nakita sila sa dako at sa ministerio na itinakda Niya sa kanila na gawin; kapag Siya ay pumarito at nakita silang ginagawa ang kanilang mga pananagutan patungo sa mga nasa ilalim ng kanilang pangangalaga at ang mga taong nakapalibot sa kanila, gagantimpalaan ng Panginoong ang mga lingkod na iyon at isusulong sila at idadagdag sa kanila ang mga pagpapala, kalakasan, prebelihiyo, at mga ministerio. Batid ng Dios ang mga tapat at ang mga nagsisikap at ang mga tapat at ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya upang tuparin ang kanilang mga pananagutan patungo sa Dios at patungo sa Kanyang Salita at patungo sa Kanyang simbahan, Gagantimpalaan sila ng Panginoon nang sagana. Gagantimpalaan ng Panginoon ang mga sumusunod ng ganap at ang mga sumusunod kaagad.*

Tayo ay tumayo:

1. Ipangako ang iyong sarili at ang iyong buhay nang ganap sa Panginoon.
2. Isuko ang iyong buhay at ang iyong kalooban nang ganap sa Kanya.
3. Ipagtapat ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan sa Dios, talikuran ang mga ito na hindi mo na gagawing muli ang mga ito.

***Tayo ay manalangin:*** Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyong Salita na ipinahayag ang katotohanan sa akin at nagawa kong maunawaan kung ano ang katotohanan.

Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na mga kasalanan _________________________.

Simulang ipahayag ang iyong mga kasalanan sa Dios ______________________.

Panginoon patawarin mo ang iyong bayan, sa mga nagsisisi, ang mga kasalanan ng pagpapabaya, ang kawalan ng pangako, at ang kawalan ng pagtitiis sa paggawa ng ministerio. Panginoon patawarin mo ang mga nagsisisi sa kasalanan ng kamunduhan at ang mga kasalanan ng pananatili sa matiwasay na dako, ang kasalanan ng pagmamataas ar ang kawalang kahandaang magdusa para sa iyo at para sa iyong simbahan at para sa iyong bayan. Panginoon patawarin ang mga nagsisi mula sa kasalanan ng katamaran at pagpapaliban.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Bababe na nagsisi upang mapanumbalik sa mga lugar at ang mga ministerio na nais mo sa kanila na maging at malingkod sa iyo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na pinanatili ang kanilang sarili sa lugar at sa ministerio na itinalaga mo sa kanila. Gantimpalaan mo sila at ibigay sa kanila ang nararapat sa kanila. Panginoon gantimpalaan mo sila para sa kanilang mabuting pangangasiwa at sa kanilang kasipagan sa paglilingkod sa iyo at paglilingkod sa iyong bayan na nasa ilalim ng kanilang pangangalaga. Panginoon ibigay mo sila ng mabuting kalusugan at kalakasan, ibigay sa kanila ang pananalapi, ibigay sa kanila ang mhga pagkakataon upang maglingkod, tustusan ang kanilang pangangailangan, pakipaglaban para sa kanila, alalayan sila. Panginoon pagpalain sila ng higit pang kaloob ng Banal na Espiritu upang sila'y magningning para sa iyong kaluwalhatian.

Panginoon pagpalain ang iyong simbahan at ipagkaloob sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan naming magpatuloy at gumawa ng mga alagad sa lahat ng mga bansa. Panginoon paging dapatin kaming mag evangelio at abutin ang nawawala at bagong mga lugar ng Evangelio ni Jesus. Panginoon tulungan kaming magtanim ng maraming pag-aaral ng Bibliya at magpalago ng maraming alagad upang paglingkuran ka. Panginoon patuloy mo kaming protektahan at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal ana Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com